## B.C. School Act

### Mga Patnubay

Lahat ng distrito ng eskwelahan ay may karapatang gumawa ng mga patakaran na maaring tumugon sa pangangailangan ng kaniya-kaniyang distrito.Para tanggapin ang mag-aaral na galing sa ibang distrito, kailangang ikunsidera ng Board of Education ang:

- mga mag-aaral na nakatira sa sakop na lugar ng eskwelahan.
- may mga kapatid na nasa eskwelahan na at
- mga mag-aaral na nakatira sa lugar na sakop ng distrito.

**<u>Kapag</u>** merong lugar at programa sa eskwelahan, **<u>maaring</u>** tanggapin ng distrito ang mga mag-aaral na hindi taga-distrito.

**"The British Columbia School Act"**

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL/ELL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Ang British Columbia School Act



***Ang Epekto nito sa edukasyon ng inyong anak***

## B.C. School Act

***Ano ang mandato ng sistema ng paaralan sa BC?***

***"Ang layunin ng sistema ng eskwelahan sa BC ay suportahan ang mga mag-aaral upang malinang ang panariling potensiyal at makamit ang kaalaman, kakayahan at saloobin na kailangan upang makamit ang malakas na lipunan at maunlad at matibay na ekonomiya."***

School Act Section 169 (3)



## Ano ang B.C. School Act?

Sa pamamagitan ng School Act, ang B.C. Ministry of Education ay nagbibigay ng patnubay sa iba't-ibang Boards of Education tungkol sa kung ano ang dapat nilang gawin. Ang mga patnubay na ito ay tiyak at tumutukoy sa lahat ng distrito ng probinsiya. Hinahayaan din ng ilang patnubay ang mga Boards of Education na gumawa ng sarili nilang patakaran. Habang kinikilala ang indibiduwal na pangangailangan ng distrito, kinakailang lamang na sang-ayon ito sa School Act.

## Mga Tiyak na Patnubay

Sinisigurado ng lahat ng distrito ng eskwelahan ang:

- libreng pampublikong pag-aaral na binibigay sa residente ng British Columbia. (Ang tinuturing na residente ay ang mga pamilyang nakatira at nagbabayad ng buwis sa B.C.)
- ang pag-aaral ay binibigay sa mga bata at kabataan na 5 hanggang 18 na taong-gulang.
- ang indibiduwal na nagiging 19 na taong gulang pagkatapos ng July 1st ng kahit na anong taon, ay maaring pumasok sa September at tapusin ang taon ng pagaaral.
- ang mga mag-aaral na may 5 taong-gulang hanggang 16 na taong-gulang ay **kinakailangang** pumasok sa eskwela.
- ang mga mag-aaral ay may karapatang pumasok sa eskwelahan na sakop ng kanilang distrito.
- ang mga mag-aaral ay may karapatan na mag- **apply** para makapasok sa kahit anong eskwelahan sa probinsiya.

